PRAYMER

# SAP & SAWP



**Ang Social Amelioration Program (SAP)**
**at Social Amelioration and Welfare Program (SAWP)**
**sa Industriya ng Asukal at Biofuel**

UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA



PRAYMER

**Ang Social Amelioration Program (SAP)**
**at Social Amelioration and Welfare Program (SAWP)**
**sa Industriya ng Asukal at Biofuel**

Inilathala ng **UMA Pilipinas**
**UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA**
#56 K-9th St., West Kamias, Quezon City

telefax (02) 799.2009
email: uma.pilipinas@gmail.com
twitter: @UMApilipinas
URL: www.umapilipinas.wordpress.com

**MGA LARAWAN:** SOUTHERN TAGALOG EXPOSURE
NATIONAL FEDERATION OF SUGAR WORKERS (NFSW)
AMEL SABANGAN at NADJA DE VERA

Disyembre 2016

## 1. Ano ang Social Amelioration Program (SAP) at Social Amelioration and Welfare Program (SAWP)?

ANG SOCIAL AMELIORATION PROGRAM (SAP) AY ISANG programa o iskema ng pamahalaan para diumano sa kagalingan o pagpapabuti ng kalagayan ng mga manggagawa sa asukal.

Ayon sa pamahalaan, layunin ng SAP na:

- Madagdagan ang kinikita ng mga manggagawa sa asukal
- Pondohan ang mga programa at proyekto na naglalayong magbigay ng dagdag na kabuhayan at kasanayan sa iba pang trabaho para sa mga manggagawa sa asukal at kanilang mga pamilya
- Isulong ang kapakanan at panlipunang proteksyon ng mga manggagawa sa asukal
- Palakihin ang partisipasyon ng iba't ibang sektor sa pagbubuo ng mga desisyon, partikular sa mga polisiya kaugnay ng pagpapaunlad sa mga manggagawa sa ilalim ng batas

Ang SAP ay itinadhana ng **Republic Act (RA) 6982** o **Sugar Amelioration Act of 1991** na isinabatas sa panahon ni Pangulong Corazon Aquino, na panginoong maylupa sa pinakamalawak na asyendang tubuhan sa buong bansa, ang Hacienda Luisita sa Tarlac.

Ngunit noon pa mang Dekada '50, may ganito nang programa ang pamahalaan sa bisa ng **RA 809** o S**ugar Act of 1952.** Sa panahon naman ng diktadura ni Ferdinand Marcos na nag-alaga ng mga kroni sa industriya ng asukal at iba pang mahahalagang negosyo, nagkaroon

ng tinatawag na "Marcos bonus" para sa mga manggagawa sa industriya ng asukal sa bisa ng mga memorandum at presidensyal na proklamasyon noong Dekada '70. Ang bonus na ito ay pansamantalang itinigil sa pag-igting ng krisis sa industriya ng asukal na rumurok noong Dekada '80.

Sa panahon naman ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, isinabatas ang **RA 9367** o **Biofuels Act of 2006** na naglatag ng probisyon para sa pagpapatupad ng **Social Amelioration and Welfare Program o SAWP** sa industriya ng biofuel. Nakapadron ang SAWP sa orihinal na SAP sa industriya ng asukal. Saklaw nito ang produksyon ng bioethanol at biodiesel na gumagamit ng tubo, mulasis at niyog bilang feedstock o hilaw na materyales.

Ang SAP at SAWP ay iskema sa hatian sa produksyon *(production sharing scheme)* upang magkaroon diumano ng karapatan ang mga manggagawa sa makatarungang parte sa produksyon *(production share)*. Ginagawa ito sa pamamagitan ng dagdag-kita o bonus at mga mekanismo upang magkaroon daw ng disenteng pamumuhay ang mga manggagawa. Ang mga komponente o bahagi ng programang ito ay ang pamamahagi ng **cash bonus**, benepisyo sa pagbubuntis **(maternity benefits)** at pagpapalibing **(death benefits)**, at mga proyektong sosyo-ekonomiko **(socio-economic projects).**

Ang pagkakaroon ng programa upang iangat ang katayuan ng mga manggagawa sa asukal ay nagpapatotoo sa matinding pagsasamantala at pagpapahirap na dinaranas ng mga manggagawa sa asukal sa kamay ng mga gahamang miller at panginoong maylupa.

Gayunman, ang SAP at SAWP ay maituturing na "pampalubag-loob" na mga programa ng gobyerno.

Ito'y mga "palamuting proyekto" na naglalayong ipangalandakan ang malasakit ng pamahalaan para sa mga manggagawa sa asukal at biofuel. Hindi nito nilulutas ang ugat ng kahirapan at matinding pagsasamantala, bagkus pinaaamo lamang nito ang mga manggagawa sa pamamagitan ng mga benepisyo at proyekto na karaniwang sumusuhay sa pyudal na sistemang palakasan at padrino. Samantala, tinitiyak naman ng mekanismo nito gaya ng "representasyon sa paggawa ng mga desisyon sa industriya" at tripartismo ang pagsupil sa militanteng unyonismo, mga protesta at pagputok ng mga welga.



## 2. Ano ang kalagayan ng mga manggagawa sa asukal?

Mabigat at mapanganib na trabaho, mala-aliping pasahod at tahasang pang-aalila. Ito ang pasan-pasan ng mga manggagawa sa asukal mula pa sa pagtatatag ng sistemang asyenda noong panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ito ang binalikat ng mga manggagawa sa pamamayagpag ng industriya ng asukal sa direksyon ng imperyalismong US at *sugar quota* nito hanggang Dekada '70.

Pagsasamantala at pagpapahirap pa rin ang dinaranas ng mga manggagawa dulot ng mga neoliberal na patakaran sa industriya ng asukal at agrikultura sa bansa hanggang sa kasalukuyan. Sa Isla ng Negros nalilikha ang aabot sa kalahati ng produksyon ng tubo sa buong bansa, kasunod ang mga isla ng Mindanao (Bukidnon, Cotabato, Davao del Sur) at Luzon (Batangas, Tarlac, Pampanga, Isabela). Matatagpuan din sa isla ng Panay, Cebu at Leyte ang ilang tubuhan at ilohan.

Kadusta-dusta ang kalagayan ng mga manggagawa sa asukal, regular man sa ilohan o asyenda, at lalo na ang mga sakada o dayong manggagawang-bukid. Sila ang lumilikha ng pagkain, subalit sila at ang kanilang mga pamilya ang walang makain at dumaranas ng matinding gutom at pagsasamantala. Nag-eempleyo ng mahigit 600,000 manggagawa ang labing-siyam na lalawigan sa bansa na lumilikha ng produktong asukal at biofuel mula sa tubo. Mga limang (5) milyong Pilipino ang umaasa sa kabuhayan sa mga tubuhan.

Ang mga manggagawang-bukid sa tubuhan ay biktima ng monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa at mga dambuhalang lokal at dayuhang agrikorporasyon sa pagpoproseso ng tubo. Dahil walang sariling lupang binubungkal, daantaon na silang nakatali sa sistemang asyenda bilang mga aliping sahuran.

Mas pinasasahol ito ng mga iskema sa ilalim ng bogus na reporma sa lupa, gaya ng Stock Distribution Option (SDO), *joint venture* at *corporative scheme.* Sa Hacienda Luisita, naiulat noong 2004 ang pasahod na P 9.50 para sa mga manggagawa na tinatawag nilang mga "stockholder." Laganap na rin sa mga tubuhan ang sistemang aryendo na sumusuhay sa rekonsentrasyon ng mga lupain pabalik sa




kontrol ng mga asyendero at asukarera, at nagpapatindi ng pagsasamantala at panloloko sa mga manggagawang-bukid na dapat sana ay nagbebenepisyo mula sa reporma sa lupa.

Sa mga ilohan at planta, may mga manggagawa na gumagampan ng mga trabahong nangangailangan ng kasanayan, samantalang ang iba ay nasa gawaing pagmamantini, pagkukumpuni at pagkakarga. Karamihan sa mga manggagawa ay nagtitiis sa napakababang pasahod at kawalan ng seguridad sa trabaho dulot ng malawakang tanggalan at kontraktwalisasyon.

Laganap ang gutom, kahirapan, at kawalan ng panlipunang serbisyo at benepisyo gaya ng pensyon mula sa SSS (Social Security System), edukasyon, pabahay, serbisyong medikal at pangkalusugan. Ang kalagayang ito ay pinatitindi taun-taon ng tinatawag na **tiempo muerto** *(dead season)* o *off-milling season* sa industriya ng asukal, kung kailan tumitigil ang trabaho sa tubuhan at walang pinagkakakitaan ang mga manggagawa. Ang panahong ito ng taggutom sa pagitan ng pagtatanim at pag-iilo ng tubo ay tumatagal mula 4 hanggang 6 buwan.



“Pakyaw” ang karaniwang sistema ng pasahod sa mga manggagawang-bukid sa tubuhan – iba ito sa karaniwang pasahod na arawan, o sahod para sa walong (8) oras na trabaho. Sa ilalim ng sistemang pakyaw, ang bawat gawain ay itinatalaga sa isang indibidwal o grupo ng mga manggagawa. Ang pasahod ay nakatakda sa kota, gaya halimbawa ng pagdadamo o pag-aararo sa bawat ektarya; pagtatabas ng tubo at pagkakarga nito sa trak per tonelada (“tapas-karga”); o pagpuputol at pagtatanim ng bawat laksa (10,000 piraso) na pamatdan o *cane points.* Maaaring matapos ang bawat gawain sa loob ng isa o ilang araw gamit ang paggawa ng isang grupo ng manggagawa na maghahati-hati sa itinakdang pasahod. Dahil sa sistemang ito, may pasahod na umaabot sa singbaba ng P16 kada araw para sa ilang mga gawain.

Pagdating ng sahuran, na karaniwang kada kinsenas o 15 araw, kakarampot ang naiuuwi ng mga manggagawang-bukid. Umaabot lang ito ng P1,000 hanggang P1,500 bawat 15 araw, o P2,000 hanggang P3,000 sa loob ng isang

buwan. Tuwing tiempo muerto, ang mga manggagawa ay binibigyan lang ng “badyet na trabaho” sa mga asyenda – ang mga trabahong ito ay di-produktibong gawain gaya ng pagroronda o pagbabantay sa tubuhan at pagtatabas ng damo sa kalsada. Ang karaniwang sahod ay P200 hanggang P500 sa loob ng 15 araw.

Kung sa arawan naman, may nakapagtala pa ng pasahod na singbaba ng P13 sa Isabela; Sa Batangas ay P80-120 bawat tonelada ng pagkakarga ng tubo para sa mga sakada; Sa Bukidnon ay P150, at mas mababa ang pasahod para sa mga babae; samantalang sa Tarlac ay P200 – ngunit karaniwang nagtatrabaho sila nang higit pa sa 8 oras kada araw.

Nito lamang ay inilantad ng mga sakada galing sa Mindanao na nirekrut ng Greenhand Labor Service Cooperative para magtrabaho sa Hacienda Luisita na ang pasahod sa kanila ay sing-baba lang ng P 9.46 kada araw!

Samantala, ang pang-araw-araw na pangangailangan ng mga manggagawang-bukid ay karaniwan nilang iginagapang sa pangungutang. Sa mga tubuhan, ang batayang bilihin gaya ng bigas at pagkain ay ipinauutang ng mga kontratista at “kooperatiba” sa napakataas na presyo. Agad itong kinakaltas sa halagang sasahurin pa lang ng mga manggagawang-bukid at sakada. Ang iba pang gastos sa pagtatrabaho gaya ng pamasahe at mga dapat sana ay benepisyo gaya ng pagpapagamot lalo na sa mga naaksidenteng manggagawa ay karaniwan ding kinakaltas sa sahod. Halos wala nang salapi na dumaraan sa kamay ng mga manggagawang-bukid na nagtatrabaho na lamang para sa bayad-utang.

Ang mga manggagawa sa agrikultura ang may pinakamababang antas ng pasahod sa hanay ng mga

manggagawa sa lahat ng rehiyon. Napakalayo nito sa nakabubuhay na sahod na P1,096 kada araw, kung pagbabatayan ang pag-aaral ng IBON Foundation (2016).

Dagdag pang nagpapahirap sa mga manggagawang agrikultural ang nagaganap na militarisasyon sa kanayunan at paglabag sa karapatang tao, sa pangunguna ng mga sundalo at pulis ng AFP, PNP at mga private army at security guard ng mga panginoong maylupa, dambuhalang mga korporasyon, at iba pang mangangamkam. Ang karapatan sa pag-oorganisa ng mga unyon at asosasyon ay tuwirang sinisikil ng mga armadong pwersang ito.

Ang industriya ng asukal at mga manggagawa nito ay lugmok sa krisis nang dahil sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa at programa para sa pambansang industriyalisasyon. Umiiral pa rin ang mga kontra-mamamayang batas, programa at polisiya ng pamahalaan tulad ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at ang maka-panginoong maylupa na Sugar Industry Development Act (SIDA) na pinirmahan ni BS Aquino nitong 2015. Ang agrikultura ng bansa ay nasasailalim din ng neoliberalismo at imperyalistang globalisasyon sa pamamagitan mga di-pantay na kasunduang pang-ekonomiya gaya ng GATT-WTO, APEC, AFTA at iba pa.

Sa halip na bigyang-pansin ang kadusta-dustang kalagayan ng mga manggagawa sa asukal, prayoridad ng mga patakaran at batas na ito ang interes ng mga panginoong maylupa, malalaking negosyante at imperyalista. Sa halip na lutasin ang ugat ng problema, ipinatupad ng pamahalaan ang mga "programang pangkagalingan" gaya ng SAP at SAWP. Gayunman, ang

mga negosyante at panginoong maylupa pa rin ang mas nakikinabang at nagpapasasa sa kakarampot na ayuda na ipinapangako ng mga programang ito.

**3. Anu-ano ang mga batas kaugnay ng SAP, SAWP at industriya ng asukal? Ano ang probisyon ng mga ito?**

- **Republic Act No. 809 o Sugar Act of 1952** – Ito ang unang anyo ng amelyorasyon para sa mga manggagawa sa asukal na isinabatas noong Hunyo 22, 1952. Isinasaad nito na makakatanggap ng 3% na parte o *share* ang mga manggagawa sa produksyon ng asukal bilang benepisyo. Sa kasalukuyan, ayon sa huling order ng DOLE, dalawang *milling district* na lang ang saklaw ng RA 809: ang Binalbagan-Isabela Sugar Company (BISCOM), at Southern Negros Occidental Development Corporation (SONEDCO) na parehong nasa Isla ng Negros.

- **Sugar Quota Administration (SQA) order, 1970 –** naglabas ng order si Marcos para sa koleksyon ng *stabilization fund* na P1.00 per picul (63.25 kg) sa lahat ng nalilikhang asukal. Dito kukunin ang **cash bonus fund (CBF)** na 90% para sa manggagawa at 10% para sa proyekto para sa kapakanan ng manggagawa.

- **Presidential Decree (PD) 621 - Disyembre 21, 1974** - naging ganap na institusyonalisado ang SAP sa pamamagitan ng mekanismo para sa tripartismo at pagbibigay ng kapangyarihan sa Secretary of Labor para sa superbisyon at kontrol sa implementasyon ng SAP sa industriya ng asukal.

- **PD 1365 – Mayo 1, 1978** - itinayo ang Rural Workers Office sa DOLE. Sa kalaunan, sa Bureau of Rural Workers (BRW) ipinasa ng Secretary of Labor ang superbisyon at kontrol ng SAP.

- **PD 6982 o Sugar Amelioration Act of 1991** - pinirmahan ni Pangulong Corazon Aquino noong May 1, 1991 at hanggang ngayon ay siyang umiiral na batas sa SAP.

- **RA 9367 o Biofuels Act of 2006 -** isinabatas ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo at naglatag ng probisyon para sa pagpapatupad ng SAWP sa industriya ng biofuel, gaya ng produksyon ng bioethanol at biodiesel na gumagamit ng tubo, mulasis at niyog bilang *feedstock* o hilaw na materyales.

- **RA 10659 o Sugar Industry Development Act (SIDA) of 2015 -** pinirmahan ni Pangulong BS Aquino noong Marso, 2015 na naglalaan ng karagdagang pondo na P 2 bilyon para sa mga programa sa pagpapaunlad diumano ng industriya ng asukal gaya ng *block farming* at iba pang proyekto gaya ng iskolarship na kahalintulad ng nasasaad na sa SAP.

**4. Anu-ano ang mga institusyon at sangay ng pamahalaan na nagpapatupad ng SAP at SAWP?**

- **Sugar Industry Foundation, Inc. (SIFI)** – itinayo ang SIFI noong 1971 upang magpatupad ng mga programa at proyekto ng SQA mula sa kinatawan ng mga malalaking *sugar baron* at kroni ni Marcos gaya ng National Federation of Sugarcane Planters

Association, Philippine Sugar Millers Association, at mga dilawang unyon.  Ayon na mismo sa SIFI, may mga kumpirmadong ulat na hindi nakikinabang ang mga manggagawa sa naturang programa ng SQA.

• **Bureau of Workers with Special Concerns (BWSC) ng DOLE** ang pumalit sa dating Bureau of Rural Workers (BRW) sa pagpapatupad ng kabuuang programa ng SAP at SAWP.

• **DOLE - Regional Office (RO)** o mga opisina ng DOLE sa bawat rehiyon ang tumatanggap ng ulat kaugnay ng pamamahagi ng bonus, at nagpoproseso ng mga benepisyaryo ng *maternity* at *death benefits* at mga proyekto sosyo-ekonomiko.



## 5. Sino-sino ang benepisyaryo ng SAP at SAWP?

---

Sa ilalim ng SAP, itinuturing na mga benepisyaryo ang mga manggagawa sa asukal, *field worker* o manggagawang-bukid man o *mill worker* o nagtatrabaho sa ilohan. Regular man, o mga dayo at kontraktwal gaya ng mga hurnal o sakada o tinatawag na *migratory sugar workers* (MSW). Kabilang din sa mga benepisyaryo ang mga maliliit na planter na sumasaklaw sa limang (5) ektarya pababa. Sa SAWP naman, saklaw nito ang mga manggagawa sa produksyon ng bioethanol at biodiesel na gumagamit ng tubo at mulasis bilang feedstock o hilaw na materyales.

Marami sa mga dapat na maging benepisyaryo ng SAP at SAWP lalo na sa hanay ng mga manggagawang-bukid, ang hindi pa nakaaalam o nakauunawa sa kanilang mga karapatan at benepisyo sa ilalim ng mga programang ito.

Dahil nasa kamay ng mga miller at planter ang pangangasiwa sa bonus, maraming reklamo na hindi ito naipapamahagi sa mga dapat na benepisyaryo. Sa isang dayalogo sa Nasugbu, Batangas, maging ang mga opisyal ng BWSC ay umamin na hindi nila kayang kumpirmahin o i-*verify* ang lahat ng mga datos na mula sa mga miller at planter dahil iilan lamang daw ang kanilang daw mga empleyado.

Kulang na kulang din ang impormasyon na inilalabas ng pamahalaan, kaya maliit ang bilang ng mga nakaaalam na mayroon palang maternity at death benefits na makukuha sa SAP at SAWP, na bukod pa sa mga benepisyo at bonus na obligasyon ng mga employer.

Marami ring proyekto gaya ng imprastraktura at *scholarships* ang kwestyonable at hindi lubos na napapakinabangan ng mga manggagawa at kanilang mga dependyente. Pati ang obligasyon ng mga employer sa pagbibigay ng plano sa seguro o *insurance* sa mga manggagawa ay hindi na dapat ikarga sa SAP, ngunit nakakalusot ang ganito bilang mga proyekto ng SIFI.

Mismong ang Commission on Audit (COA) na ang naglabas ng sunud-sunod na mga ulat hinggil sa korupsyon at kwestyonableng pagpapatupad ng SAP.

## 6. Saan galing ang pondo ng SAP at SAWP?

---

Ang pondo ng SAP at SAWP ay mula sa pawis at dugo ng mga manggagawa sa tubuhan. Ito ay kinakaltas mula sa kabuuang halaga ng nalilikhang produktong asukal at biofuel bilang *lien* o buwis, kung kaya ang programang ito ay tinatawag ding *"sugar levy."*

Dahil RA 809 ang ipinapatupad sa BISCOM at SONEDCO mill district sa Negros, 3% ng buong halaga ng asukal ang bahagi ng mga manggagawa sa produksyon.

**_LIEN_ O BUWIS PARA SA SAP**

**P10.00**

**bawat _picul_ (63.25 kg) ng asukal**

Batay naman sa RA 6982 na ipinapatupad sa lahat ng iba pang ilohan ng asukal, nanggagaling ang pondo ng SAP sa takdang buwis na kinokolekta sa bawat picul (63.25 kg) ng hilaw na asukal na nagawa. Ngayon ay **P10.00 bawat picul** ang kinakaltas na *lien* o buwis na napupunta sa SAP.

**_LIEN_ O BUWIS PARA SA SAWP**

**BIOETHANOL MULA SA TUBO (SUGARCANE)**


**P13.43**

**bawat _ton cane_**

**o P 0.19 sentimo kada litro ng bioethanol**

Sa SAWP, ang CBF ng mga manggagawa sa bioethanol mula sa tubo ay mula sa **80% ng _lien_** na kasalukuyang nagkakahalaga ng **P 13.43 sa kada _ton cane_ o P .19 o 19 sentimo** kada litro ng naibentang bioethanol.

**SEPRF 20%**




**CBF**

**80%**

Hinahati ang pondo sa dalawang bahagi. Ang **80%** nito ay mapupunta bilang c**ash bonus fund o CBF** para sa mga manggagawa. Kokolektahin ito ng mga miller at planta. Ang **20%** naman ay para sa **socio-economic program related fund o SEPRF** o pondo para sa mga proyekto na para rin sa mga manggagawa. Ganito ang kalakaran sa SAP at SAWP para sa mga manggagawa na lumilikha ng asukal at sugarcane bioethanol.

Ngunit para sa mga manggagawa sa molasses bioethanol na saklaw ng SAWP, walang cash bonus, maternity at death benefits. Ang **95%** ng lien ay napupunta sa **SEPRF** o mga proyekto, habang ang nalalabing **5%** ay para sa implementasyon ng SAWP.

**_LIEN_ O BUWIS PARA SA SAWP**

**BIOETHANOL MULA SA MOLASSES**

**P .07**

**7 sentimo kada litro ng bioethanol**

Sa molasses bioethanol, ang lien ay nagkakahalaga ng **P .07 o pitong sentimo kada litro.** *(Samantala, **P.05 o limang sentimo kada litro** ng biodiesel ang ikakaltas sa mga prodyuser ng **Coco Methyl Ester (CME).** Maituturing itong panibagong anyo ng "coco levy.")*

### 7. Ano ang proseso ng koleksyon at distribusyon ng Cash Bonus Fund o CBF?

Dahil sa mga sentral o asukarera nagtatapos ang produksyon ng asukal, ang mga miller ang siyang kumukulekta ng lahat ng pondo para sa SAP.

Ang mga miller ang nangangasiwa sa distribusyon ng **80% CBF** sa kanilang mga manggagawa sa ilohan o mill workers. Samantala, ang 80% ng lien ng mga planter o nakolektang CBF para sa manggagawang-bukid sa tubuhan o field workers ay dapat ideposito ng miller para sa mga **(1)** asosasyon ng mga planter at **(2)** planter na walang asosasyon o *unaffiliated planter.* Ang mga asosasyon ng planter naman, ang siyang mamamahagi ng CBF sa kanilang mga myembro *(affiliated planter).* Samakatwid, mga planter – o mga haciendero at panginoong maylupa – ang direktang nangangasiwa sa distribusyon ng CBF o bonus sa kanilang mga manggagawang-bukid.

Ayon sa patakaran ng DOLE, ang pagremit ng CBF mula miller patungo sa mga planter ay **dapat isagawa sa loob ng isang buwan** matapos matuos ang mga quedan o resibo sa bodega. Kung hindi ito mairemit ay may karampatang parusa o **penalty na 10% kada buwan** sa di-nairemit na halaga ng miller at ito ay mapupunta sa pondo ng SEPRF.

Samantala, ang CBF ay dapat namang ipamahagi sa mga manggagawa sa loob ng **isang buwan mula sa petsa ng remitans.** Ang lalabag ay papatawan naman ng parusa o penalty na **10% kada buwan sa di-naipamahaging cash bonus** *(undistributed cash bonus)* na dapat idagdag sa bonus ng mga manggagawa.


Dapat gumawa ng karampatang hakbang ang mga miller, planter at ang DOLE upang matiyak na makuha ng mga benepisyaryo ang kanilang bonus. Kabilang dito ang mga anunsyo sa radyo at pabatid na nakapaskil sa mataong lugar. Gayunman, ayon pa rin sa BWSC, ay

**wala ni isang naparusahan para sa paglabag sa mga alituntuning ito.**

Ang mismong parusa ay masasabing magaan din lang naman – ito ay **pagkakabilanggo ng di bababa sa anim (6) na buwan ngunit di tatagal sa isang (1) taon** at **multa ng di bababa sa P5,000 ngunit di tataas sa P20,000** o pareho. Sa mahabang panahon ay hindi na rin gumagawa ng imbestigasyon ang BWSC kahit pa naiipon na ang napakalaking pondo ng unclaimed at undistributed na cash bonus na para sana sa mga manggagawa.

Kung ang CBF ay hindi naireremit o *unclaimed* at hindi naipapamahagi o *undistributed* sa loob ng **tatlong (3) taon**, ito ay mapapawalang-saysay o ikokonsiderang ***forfeited*** at idadagdag na sa pondo ng SEPRF.

### 8. Ano ang proseso ng koleksyon ng pondo para sa Socio-Economic Related Fund o SEPRF?



Ang 20% ng lien na para sa pagpapatupad ng socio-economic program related fund (SEPRF) ay idinedeposito nang direkta sa Bureau of Workers with Special Concerns (BWSC) ng DOLE. Kokolektahin din ito ng mga miller, pagkatapos ay ireremit sa bangko ng BWSC sa Landbank Intramuros.

Ang 20% SEPRF ay hahatiin sa sumusunod:

- 9% para sa *socio-economic projects*
- 5% para sa *death benefit program*
- 3% para sa maternity benefit program
- 3% para sa *administrative expenses* ng Sugar Tripartite Council(STC) at District Tripartite Council (DTC) at sa BWSC

### 9. Anu-ano ang mga benepisyo na makukuha sa SAP at SAWP? Bakit sinasabi na maraming manggagawa ang HINDI nakikinabang sa mga programang ito?

#### A. Cash Bonus

Ayon sa pag-aaral ng SIFI, karaniwang nasa **P200** ang nakukuhang bonus ng mga manggagawang-bukid sa tubuhan, samantalang nasa **P12,000** ang bonus ng mga manggagawa sa ilohan. May nakatakdang komputasyon para malaman ang halaga ng bonus na ito para sa bawat indibidwal na manggagawa, ayon sa patakaran ng DOLE.

Sa Negros, may nakapagtala ng bonus na singbaba lang ng **P2.** Dahil masyadong maliit ang bonus ayon sa kwenta ng mga haciendero, may mga manggagawang-bukid na hindi na nag-aabala na kunin ito dahil mas malaki pa ang gagastusin nila sa pamasahe kaysa sa mismong bonus.

Ang mga miller at planter ay inoobliga ng DOLE na magsumite ng *special payroll* bilang patunay ng distribusyon ng bonus sa kanilang mga manggagawa. Ayon sa kabuuang ulat ng BWSC, taun-taon ay malaking porsyento ng mga manggagawa ang nakatatanggap ng bonus.

Gayunman, dahil ang pamamahagi ng bonus ay buung-buo na nakasalalay sa mga miller at planter, napakadali nilang iulat na "naipamahagi na" ang bonus sa mga manggagawa. Inamin ng BWSC na hindi nila kayang kumpirmahin o i-*verify* ang datos sa mga *special payroll.*

Sa Bukidnon, may mga nag-uulat na ang pamamahagi ng bonus ay idinadaan na lang sa mga salu-salo gaya ng Christmas party at *outing.* Sa Batangas, hindi na nakakarating sa mga manggagawang-bukid ang anumang bonus, lalo na at malaking porsyento ng mga nagtatrabaho sa tubuhan ay mga sakada o dayo.



Sa loob ng nagdaang mga taon, napakalaki na rin ng naiipon na hindi nairemit o *unclaimed* at hindi naipamahagi o *undistributed* na CBF. Malaking bahagi ng pondo ang hindi maayos na naiuulat o *unliquidated,* ayon na rin sa kabuuang ulat ng DOLE-BWSC. Ilan sa mga naitalang anomalya sa pamamahala ng CBF ay:

• Ang kabuuang halaga na **P 4.689 bilyon** na CBF na sinasabing naipamahagi na sa mga manggagawa sa asukal ay kwestyonable dahil pinatutunayan lamang ito ng mga *special payroll* na mula sa mga miller at planter. Ang mga manggagawa mismo at ang kanilang mga unyon at organisasyon ay walang papel sa proseso ng distribusyon ng bonus.

• Ang paglaki ng halaga ng *undistributed* at *unclaimed* CBF ay palatandaan na hindi ito naipapamahagi nang maayos o di kaya'y sadyang hindi ipinapamahagi sa mga manggagawa. Hindi rin naitatala nang maayos o nali-*liquidate* ang pagreremit ng ***forfeited unclaimed and undistributed CBF*** sa mga rehiyunal na opisina ng DOLE (DOLE-ROs). Sa huling ulat ng BWSC, aabot sa **P 606 milyon** sa pondong ito ang nananatiling *unliquidated.*

• Ang pangongolekta at pamamahagi ng pondo ng SAP sa ilalim ng RA 809 sa 16 na Crop Year o CY mula 1992-1993 hanggang 2007-2008 na nagkakahalaga ng **P 1.26 bilyon** ay hindi naitatala sa libro ng BRW-SAP.

Hindi ito naitatala dahil sa pagkukulang ng BRW-SAP na i-pinal at ilabas ang panuntunan hinggil dito o **Department Order on the General Guidelines for the Implementation of Section 9 of RA 809.** Ayon sa DOLE Western Visayas, ang pamamahagi ng CBF sa BISCOM mill district ay **72%** lang noong CY 2008-09, **89%** sa CY 2009-10 at **84%** noong CY 2010-11. Sa SONEDCO mill district naman ang naging pamamahagi ay **17%** lamang noong CY 2008-09.

Ibig sabihin may napakalaking halaga na hindi naipapamahagi sa mga manggagawa.

**Status of Cash Bonus Program Implementation**

*as of 2nd Quarter of 2016 (Source: DOLE-BWSC)*

| | **1991-1992 to 2003-2004** | **2004-2005 to 2015-2016** | **TOTAL** |
|---|---|---|---|
| Amount of CBF remitted | 2,292,583,730.96 | 3,103,248,352.82 | 5,395,832,083.78 |
| Amount of CBF released | 2,226,325,374.41 | 2,803,630,606.07 | 5,029,955,980.48 |
| Amount of UNCLAIMED CBF | 66,258,356.55 | 299,617,746.75 | 365,876,103.30 |
| UNCLAIMED CBF remitted to DOLE – RO | 50,991,335.09 | 39,739,973.87 | 90,731,328.96 |
| Amount of CBF distributed | 2,162,390,922.97 | 2,527,103,094.26 | 4,689,494,017.23 |
| Number of Workers Benefitted | 8,655,568 | 8,107,596 | 16,763,164* |
| UNDISTRIBUTED / UNLIQUIDATED CBF | 63,934,451.44 | 276,527,511.81 | 340,461,963.25 |
| UNDISTRIBUTED / UNLIQUIDATED CBF remitted to DOLE- RO | 5,234,120.30 | 4,231,340.83 | 9,465,461.13 |
| Total UNCLAIMED & UNDISTRIBUTED / UNLIQUIDATED CBF | 130,192,807.99 | 576,145,258.56 | 706,338,066.55 |
| TOTAL UCBF REMITTED TO DOLE-RO | 56,225,475.39 | 43,971,314.70 | 100,196,790.09 |
| AMOUNT OF UCBF STILL FOR LIQUIDATION by mills, planters associations and planter-members | 73,967,332.60 | 532,173,943.86 | 606,141,276.47 |

## B. Maternity at Death Benefits

---

Ang **5%** ng *lien* ay nakalaan para sa *death benefit program* na nagkakahalaga ngayon ng **P10,000** para sa bawat benepisyaryo. Samantala, **3%** naman ang nakalaan para sa *maternity benefit program* na nagkakahalaga ngayon ng **P5,000** para sa bawat benepisyaryo.

Sa pagdaan ng mga taon, relatibong maliit at papaliit ang bilang ng mga manggagawa na nakakakuha ng benepisyong ito. Mula 1992-2010 halimbawa, **55%** lang ng death benefits ang naipamahagi habang sa maternity naman ay **80%** lamang. Hindi sapat ang mga anunsyo at materyales na ipinapamudmod ng pamahalaan upang maintindihan ng mga manggagawa sa asukal ang proseso ng pagkuha ng mga benepisyo ito na para sa kanila.

Napakahigpit ng mga patakaran, napakarami ng mga rekisitos bago ito makuha. Gaya na lang ng takdang panahon ng pagtatrabaho bago namatay, o bago nagbuntis, mga papeles at suportang dokumento para sa asawa, kamag-anak o sinumang dadaan sa proseso para sa benepisyaryo o pamilya ng benepisyaryo.

Matupad man ang lahat ng sinasabing komplikadong rekisito at papeles, ang pagkuha mismo ng benepisyo ay nakasalalay naman sa kapritso ng amo na siyang nagrerekomenda o nagpapatunay na ang taong nag-aaplay ay karapat-dapat na maging benepisyaryo.

Marami ang nag-uulat na ang tanging nakakakuha ng ganitong benepisyo ay hindi naman mga ordinaryong manggagawa kundi mga kamag-anak o mga malalapit na tao ng mga haciendero at may-ari ng asukarera.

**Status of Maternity and Death Benefit Program and Socio-Economic Program Implementation**


*1992-2016 as of 2nd Quarter of 2016 (Source: DOLE-BWSC)*

| | Total Amount Released | Total Number of Beneficiaries |
|---|---|---|
| Maternity Benefits | 120,995,500.00 | 65,300 |
| Death Benefits | 183,702,000.00 | 30,146 |
| Socio-Economic Projects | 562,013,921.07 | 563,257 |

## C. Mga Proyektong Sosyo-Ekonomiko

Ayon na mismo sa SIFI, halos **70%** ng mga proyekto ay direktang nilang pinangangasiwaan. Ibig sabihin, ang pondo na nakalaan para rito ay nakokopo lang ng iilang grupo. Sa halip na ang mga unyon at asosasyon ng mga manggagawa ang pangunahing magpatupad, ang mga proyekto ay napupunta sa pangangasiwa nng SIFI at iba pang organisasyon na kumakatawan sa mga miller at planter katulad ng National Federation of Sugar Planters(NFSP) at United Sugar Producers Federation of the Philippines (UNIFED).

Ayon sa ulat ng BWSC, sa loob ng 20 taon ay aabot lang sa **471,938 katao** ang naging benepisyaryo ng mga proyekto ng SEPRF. Kung tutuusin, **23,597 katao** lamang ang naging benepisyaryo nito sa kada taon. Wala pa ito sa **4%** ng kabuuang bilang ng mga manggagawa sa asukal sa kada taon.



Sa proyektong kaugnay ng tiempo muerto ay napakaliit ng bilang ng naging benepisyaryo – **17,925** lamang sa loob ng 20 taon, o **898 katao** lamang kada taon o maliit pa sa **0.2%** ng kabuuang bilang ng manggagawa sa asukal. Dahil aabot sa **5 milyon** ng populasyon ang umaasa sa industriya ng asukal, tiyak na milyun-milyon ang nakararanas ng gutom sa panahon ng tiempo muerto, taun-taon!

Sa aktwal na implementasyon, namamayani ang sabwatan ng mga bulok na burukrata, gahamang haciendero, kapitalista, at mga raketir na NGO at matataas na opisyal ng mga dilawang unyon na nagpapasasa sa naiipong pondo para sa mga proyekto. Ginagamit din itong instrumento para sa sistemang palakasan *(patronage)* at panghahati sa hanay ng mga manggagawa.

May *insurance plans* at *scholarship program* na itinuturing na "utang na loob" sa haciendero o amo. May mga imprastraktura naman gaya ng mga *multi-purpose hall* at *school building* gaya ng sa Bukidnon na ipinagkakait sa mga manggagawa at pinagpapasasaan lang ng mga burukrata. Ni hindi alam ng mga manggagawa na ang mga gusali at pasilidad ay galing pala sa pondo at programa na nakalaan para sa kanila. Marami pang ibang anomalya at katiwalian na iniulat ng COA ang dapat paimbestigahan.

Dagdag pa, malaking halaga ng SEPRF ay inilalagak lang sa ispekulasyon at pamumuhunan o investments. Umabot na ito sa **P 285.53 milyon** noon pang 2015. Batay sa ulat ng Commission on Audit (COA) noong 2015, nahahati ito sa **P 125.45 milyon** na nasa Treasury Bills at **P160.07 milyon** na nasa iba pang mga *investment*.

Ang **20%** na buwis na nakalaan para sa SEPRF ay iniuulat batay sa *bank statement* sa halip na ibatay sa kumpletong Report on Sugar Production, Withdrawals, Lien Collections at Remittances (RSPWLCR). Dahil dito walang katiyakan kung wasto ang kabuuang halaga na naireremit at naitatala sa libro ng BWSC-SAP.

### 10. Ano ang STC at DTC? Ano ang komposisyon nito at ano ang papel ng mga ito sa pagpapatupad ng SAP sa Industriya ng Asukal?

---

**Ang Sugar Tripartite Council o STC.** Ang National Tripartite Council in the Sugar Industry o Sugar Tripartite Council (STC) ay itinatag sa bisa ng Seksyon 2 ng RA 6982 upang ipatupad ang SAP at upang tumayo bilang konsehong tagapayo sa DOLE kaugnay ng katulad na mga programa.

Komposisyon ng STC. Ang STC ay binubuo ng sampung (10) myembro:

- Secretary of Labor and Employment o ang kanyang hinirang na kinatawan bilang ex-officio Chairman;
- isang (1) kinatawan mula sa Sugar Regulation Administration (SRA) na uupo rin sa kapasidad na ex-officio;

samantalang uupo bilang mga myembro ang:

- dalawang (2) kinatawan<br>mula sa sektor ng mga miller
- dalawang (2) kinatawan<br>mula sa sektor ng mga planter
- dalawang (2) kinatawan<br>mula sa sektor ng mga manggagawa sa ilohan
- dalawang (2) kinatawan<br>mula sa sektor ng mga manggagawang-bukid

## Sugar Tripartite Council (STC)

**Secretary of Labor and Employment**
ex-officio Chairman

**1 kinatawan mula sa SRA**
ex-officio

***MGA MIYEMBRO:***

**2 kinatawan ng MILLER**

**2 kinatawan ng PLANTER (PML)**

**2 kinatawan ng MILL WORKERS**
***(manggagawa sa ilohan)***

**2 kinatawan ng FARM WORKERS**
***(manggagawang-bukid sa tubuhan)***

**Ang District Tripartite Councils o DTC.** Itinatayo ng Secretary of Labor and Employment ang isang District Tripartite Council o DTC sa bawat milling district sa bansa, sa rekomendasyon ng STC. Ito ay upang matiyak diumano ang mas malawak na partisipasyon ng mga planter, miller at mga manggagawa sa mga sosyo-ekonomikong programa at pagtatakda ng polisiya sa ilalim ng batas.



## District Tripartite Council (DTC)

**DOLE Regional Director**
ex-officio Chairman

***MGA MIYEMBRO:***

**1 kinatawan ng MILLER**

**2 kinatawan ng PLANTER (PML)**

**1 kinatawan ng MILL WORKERS**
***(manggagawa sa ilohan)***

**2 kinatawan ng FARM WORKERS**
***(manggagawang-bukid sa tubuhan)***

Ang DTC ay binubuo ng pitong (7) myembro:

- Regional Director (RD) ng DOLE
bilang ex officio Chairman;

samantalang uupo bilang mga myembro ang:

- dalawang (2) kinatawan
mula sa sektor ng mga planter;

- isang (1) kinatawan mula sa sektor ng mga miller;
- dalawang (2) kinatawan
mula sa sektor ng mga manggagawang-bukid
- isang (1) kinatawan
mula sa mga manggagawa sa ilohan

Maraming mga manggagawa ay hindi pamilyar sa mismong programa ng SAP, kung kaya ang pagkakaroon ng mga STC at DTC at ang papel nito sa pagpapatupad ng programa ay hindi rin nila alam. Samantala, sa implementasyon ng SAWP, itinatayo naman ang mga **Tripartite Consultative Council o TCC.**

Ang pagtatayo ng ganitong mga konseho o mekanismo upang "magkaroon ng partisipasyon ang mga manggagawa" at upang matalakay diumano ang mga isyu sa paggawa ay karaniwang itinutulak ng mga kapitalista at ng estado upang magkaroon ng "basbas mula sa mga manggagawa" ang kanilang mga patakaran. Kabilang na rito ang mga pakana na kontra sa interes ng mga manggagawa.

Kahit may tig-dalawang kinatawan ang mga *mill worker* at *field worker* sa STC, minorya pa rin sila rito. Ang magpapasya kung tatanggapin sila bilang mga kinatawan ay ang Kalihim ng DOLE. Gayundin ang kalagayan sa DTC kung saan may isang kinatawang *mill worker* at dalawang *field worker.* Karaniwan nang ang DOLE ay pinamumugaran ng pinaka-reaksyunaryong burukrata na tuta ng mga kapitalista at burgesya kumprador, kaya karaniwan din na ang mga kinatawan mula sa dilawang unyon ang lumalahok sa ganitong klase ng mga konseho para sa tripartismo.



**11. Ano ang ating mga panawagan at tungkulin kaugnay ng SAP at SAWP?**

---

Batay sa kaisahan ng mga delegado sa ginanap na **Pambansang Pagtitipon ng mga Manggagawa sa Asukal *(National Sugar Workers Summit)* nitong Agosto 30-31, 2016,** narito ang ating mga panawagan kaugnay ng SAP at SAWP:

**SAP at SAWP, direktang ipamahagi sa mga manggagawa sa asukal at biofuel!**

**Panagutin ang lahat ng sangkot sa mga anomalya at korupsyon kaugnay ng SAP at SAWP!**

• DIREKTANG IPAMAHAGI ANG PONDO NG SAP AT SAWP sa mga manggagawa, sa pamamagitan ng kanilang mga unyon, asosasyon at organisasyon. Tanggalin ang mapagpasyang papel ng mga miller, planter at ng kanilang mga asosasyon sa pangangasiwa at distribusyon ng pondo, pagrekomenda at pag-aproba ng mga benepisyaryo at implementasyon ng mga proyekto.

• ANG DOLE-BUREAU OF WORKERS WITH SPECIAL CONCERNS (BWSC) ay dapat kagyat na umaksyon sa mga ulat at rekomendasyon ng COA kaugnay ng SAP. **Litisin at panagutin** ang lahat ng sangkot sa korupsyon at maanomalyang gawain kaugnay ng SAP at SAWP.

Ang kinauukulang mga institusyon ng pamahalaan gaya ng Ombudsman, Kongreso at Senado, ay dapat magsagawa ng **kumprehensibong imbestigasyon** sa kalagayan ng implementasyon ng SAP at SAWP. Dapat magkaroon ng **kabuuang awdit** ng mga pondo at **kumpetong imbentaryo** ng lahat ng mga proyekto, imprastraktura at ari-arian na naipundar sa pamamagitan ng SAW at SAWP. Dapat ding pag-aralan ang pagtataas ng halaga ng *lien.*

**Imbestigahan ang mga anomalya at repasuhin ang mandato ng Sugar Industry Foundation, Inc. (SIFI)**, isang pribadong institusyon na itinatag sa panahon ng kroniyismo ni Marcos, sa implementasyon ng karamihan sa mga proyektong sosyo-ekonomiko ng SAP, ayon na rin sa rekomendasyon ng Commission On Audit (COA).

• REPASUHIN ANG LAHAT NG ORDER NG DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT (DOLE) kaugnay ng *implementing rules and regulations* ng SAP **(DOLE Order 30-02, 114-11, 117-11)** at SAWP **(DOLE Orders 100-10, 123-11, 144)** na siyang nagtatakda ng mga kumplikado, hindi kinakailangan, at impraktikal na mga panuntunan sa pagkukuwenta ng CBF, implementasyon ng mga proyekto at pagpoproseso ng *maternity* at *death benefits*. Gawing simple ang mga panuntuhan, madaling sundin at pabor sa mga manggagawa sa asukal at kanilang mga unyon, asosasyon at organisasyon.

• DAGDAGAN ANG REPRESENTASYON ng mga manggagawang-bukid at manggagawa sa ilohan at tiyakin ang kanilang makabuluhang partisipasyon sa DTC at STC.



## Mga kagyat nating tungkulin:

- Ikasa ang malaganap na talakayan at aralan sa hanay ng mga organisador, aktibista at masang manggagawa at manggagawang-bukid. Ilangkap ang masiglang propaganda-edukasyon at gawaing pangkultura sa hanay ng masa kaugnay ng kampanya para sa kapakanan at kagalingan ng mga manggagawa sa asukal.

- Mapangahas na ilunsad ang mga **pambansang koordinadong kampanya at mga lokal na pakikibaka** pangunahin para sa pagtataas ng sahod at para sa kagalingan at interes ng mga manggagawa sa asukal, gaya ng kampanyang bungkalan at mga kampanya sa panahon ng tiempo muerto.

  Ang panawagan para direktang ipamahagi ang pondo ng SAP at SAWP ay dapat magsilbi sa mga pangunahing kampanyang ito, tungo sa malawakang **pagmumulat, pagpapakilos at pag-oorganisa** ng mga manggagawa sa asukal at mga manggagawang-bukid sa tubuhan.

- Likumin ang mga datos at patuloy na siyasatin ang mga partikular na kalagayan sa implementasyon ng SAP at SAWP sa mga eryang nasasaklaw upang mailantad ang mga utak o nasa likod ng mga anomalya at pangungurakot ng pondo.

  Pakilusin ang mga organisador at aktibista, at maging ang mga kabataang boluntir, *exposuree* at *researcher* sa pananaliksik hinggil sa SAP at SAWP, sa pamamagitan ng *survey,* mga grupong talakayan at iba pang pamamaraan. Magsampa ng mga kaso upang panagutin ang mga sangkot sa pagwawaldas ng pondo.




- Gumawa ng mga lokal na islogan o panawagan upang mas epektibong maitambol ang isyu sa mga lugar ng konsentrasyon ng mga manggagawa sa asukal at biofuel.

- Isulong at paigtingin ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ang laban na ito ay dapat na magbunga ng mapangahas na pagpapalawak, pagpapalakas at pagpapatatag ng mga unyon at organisasyon sa hanay ng mga manggagawa sa industriya ng asukal at biofuel.

**SAP at SAWP, direktang ipamahagi sa mga manggagawa sa asukal at biofuel!**

**Panagutin ang lahat ng sangkot sa mga anomalya at korupsyon kaugnay ng SAP at SAWP!**